Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 12, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 150-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 27-T'2007/ KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 01-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG PATIMBAO NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG ISANG DAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA LIBO, ISANGDAAN DALAWAMPU'T DALAWANG PISO (P199,122.00).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 27-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'2007 ng Sang. Brgy. ng Patimbao na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P199,122.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20% pondong pangkaunlaran (P39,824.40); 10% para sa Sang. Kabataan (P19,912.20); 5% para sa Calamity fund (P9,956.10); Leave Credits (P75,000.00); Additional Allowance ng Brgy. Support Personnel (P16,500.00), Mentinansya ng Sasakyan (P10,000.00), Election Reserve (P5,000.00) at sa Pagawaing Pambarangay (P22,929.30) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P199,122.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Patimbao ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jun M. Asinas at Romulo A. Elca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 27-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Patimbao na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P199,122.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan